Royal College of Anaesthetists

## Mga Anestetiko –
## mga posibilidad ng panganib at side effect

# Mga pinsala sa mata

## Tungkol sa polyetong ito

Ang polyetong ito ay tungkol sa panganib ng pagkakaroon ng pinsala sa mata habang o pagkatapos ng pangkalahatang anestetiko. Ipinaliliwanag nito ang mga sanhi at maaaring gawin kaugnay dito.

Ang mga pangkalahatang anestetiko ay mga gamot na nagbibigay ng kalagayang katulad ng malalim na pagtulog. Ito ay mahalaga para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Sa panahon ng pangkalahatang anestisya, ikaw ay walang malay at walang nararamdaman.

Makakapagbasa ka tungkol sa iba't ibang uri ng mga anestetiko sa aming website na nakasulat sa iba't ibang wika rito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

## Tungkol sa mga pinsala sa mata

- Ang pinakakaraniwang pinsala ay kapag nagasgasan ang cornea (ang transparent na bahagi sa bungad ng mata) sa operasyon.
- Maaari kang magising nang may malabong paningin, iritasyon, o pananakit sa loob ng ilang araw pagkatapos ng iyong operasyon.
- Ang karamihan sa mga pinsala ay gumagaling nang walang pangmatagalang epekto sa iyong paningin.
- May mga pinsala na maaaring maging mas malubha at pangmatagalan, ngunit napakabihirang mangyari ng mga ito.

## Gaano kalaki ang posibilidad na mangyari ito?

### Sa bawat 10,000 tao

| | |
|---|---|
| **4 ang nakaranas ng iritasyon, pananakit, o malabong paningin** | **9,996 ang hindi nakaranas ng ganito** |

Ang datos na ito ay mula sa pananaliksik na pag-aaral. Makikita mo ang pinagmulan ng datos na ito sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

## Bakit ito nangyayari?

Habang binibigyan ng pangkalahatang anestetiko, maaaring hindi lubusang pumikit ang iyong mga mata at maaaring mas kaunting luha ang magawa ng mga ito. Nangangahulugan ito na maaaring matuyo ang iyong mga mata habang binibigyan ng pangkalahatang anestetiko.

Kung walang likas na pampadulas ang mga mata,mas malaki ang posibilidad na magasgasan ang mga ito.

Ang iyong talukap ay maaaring dumikit at makuskos sa iyong mata kapag nagising ka mula sa epekto ng anestetiko.

Maaaring may kumuskos sa iyong mata kung hindi ito ganap na nakasara. Halimbawa, ang isa sa mga surgical sheet.

## Paano ito maiiwasan?

May mga puwedeng gawin ang pangkat na tumututok sa iyo upang maprotektahan ang iyong mga mata sa operasyon. Maaari silang:

- gumamit ng tape para manatiling nakapikit ang iyong mga mata
- maglagay ng lubricant eye drops o ointment sa iyong mga mata habang isinasagawa ang operasyon
- takpan ang iyong mga mata ng mask, cushion, o eye pad upang maprotektahan ang iyong mga mata
- regular na bantayan ang iyong mga mata habang isinasagawa ang operasyon.

Sisikaping siguruhin ng iyong anestesista na ang iyong mga mata ay nakapikit at may lubricant sa buong operasyon.

## Ano ang magagawa ko?

- Sa araw ng operasyon, dapat mong tanggalin ang iyong contact lens.
- Dapat mo ring tanggalin ang iyong removable eyelashes at anumang makeup bago pumunta sa ospital.
- Dapat mong ipaalam sa mga anestesista kung mayroon kang permanente o semi-permanent na pilik-mata o eyelash extension dahil maaaring masira ang mga ito.
- Dapat mong sabihin sa iyong anestesista kung likas na matuyuin ang iyong mga mata.

## Ano ang maaaring magpalaki ng posibilidad nito?

- Kung kailangan mong dumapa sa operasyon.
- Kung magtatagal ang iyong operasyon.
- Kung ooperahan ka sa iyong ulo o leeg.
- Kung likas na matuyuin ang iyong mga mata.

# Ano pang problema sa mata ang posibleng maranasan?

## Pamamasa sa talukap ng mata

Maaari itong mangyari kung gumamit ng tape upang mapanatiling nakapikit ang mata. Mas malaki ang posibilidad na magkaganito kung madali kang magkapasa o masugatan.

## Pangangati ng mata

Ito ang pakiramdam na parang may kung ano sa iyong mata. Maaari itong mangyari kung gumamit ang iyong anestesista ng tape o ointment upang maprotektahan ang iyong mga mata. Maaari itong abutin nang hanggang walong oras.

## Nakalaylay na talukap ng mata

Maaari itong mangyari kung may pressure sa mga ugat sa iyong kilay habang isinasagawa ang operasyon. Ito ay kadalasang pansamantala lamang at nawawala sa loob ng ilang araw o linggo.

## Pagkabulag

Napakabihira nito. Maaaring mangyari ang pagkabulag kung hindi makakuha ng sapat na oxygen ang optic nerve o retina habang isinasagawa ang operasyon. Maaari itong mangyari kung mayroon kang: napakababang presyon ng dugo, maliliit na namuong dugo, o sobrang pressure sa eyeball.

### Sa bawat 100,000 tao na may ganitong mga kondisyon

| | |
|---|---|
| **1 ang nabulag** | **99,999 ang hindi nakaranas nito** |

Mas malaki ang posibilidad na mabulag ka kung ooperahan ka sa iyong gulugod o sasailalim ka sa open-heart surgery, at ikaw ay:

- may mataas na presyon ng dugo
- inatake sa puso o na-stroke noon
- may diabetes
- may mataas na bilang ng pulang selula ng dugo.

### Sa bawat 100,000 tao na may ganitong mga kondisyon na sumailalim sa ganitong uri ng operasyon

| | |
|---|---|
| **30 hanggang 90 ang nabulag** | **99,910 hanggang 99,970 ang hindi** |

## Disclaimer

Sinisikap naming panatilihing tama at napapanahon ang impormasyon sa polyeto na ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin aasahan na masasagot lahat ang mga katanungan na mayroon ka ng pangkalahatang impormasyong ito o harapin ang lahat ng bagay na maaaring mahalaga sa iyo. Dapat mong talakayin sa iyong mga doktor ang mga pagpipilian at alalahanin mo, gamit ang polyeto na ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layunin na pang komersyo o negosyo. Para sa buong paalala, pakitingnan ang: (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Lahat ng mga pagsasalin ay ibinigay ng komunidad ng mga tagapagsalin mula sa 'Translators without Borders'. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito upang gawing tama ang mga pagsasalin hangga't maaari, ngunit may panganib ng mga kamalian at maling interpretasyon ng ilang impormasyon.

# Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

**Royal College of Anaesthetists**
Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

# www.rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Nobyembre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

**© 2024 Royal College of Anaesthetists**
Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.